



*Sistema ng Proteksyon at Pagtataguyod ng California
Toll-Free (800) 776-5746*

Mga karapatan ng Iyong Sanggol at Batang Bago-bago Pa Lamang Lumalakad (0-3 taon) na Tumanggap ng Impormasyon at mga Serbisyo sa Iyong Wikang Sarili mula sa Sentrong Pangrehiyon sa ilalim ng Early Start Program (Programang Maagang Pagsisimula)

Abril 2016, Pub. #F100.08

Bibibyan ka ng fact sheet na ito ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan na tumanggap ng impormasyon at mga serbisyo sa iyong sariling wika mula sa sentrong pangrehiyon sa iyong lugar sa ilalim ng Early Start Program para sa mga bagong panganak at mga batang hanggang 3 taong gulang na maaaring may mga kapansanan hinggil sa paglilintang. Para sa impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa mga indibidwal na 3 taong gulang at mas matanda, mangyaring tingnan ang aming paglalathala: **“Ang iyong mga Karapatang Tumanggap ng Impormasyon at mga Serbisyo sa Iyong Sariling Wika mula sa Sentrong Pangrehiyon para sa mga Indibidwal Na 3 Taon at Mas matanda”** sa sumusunod na link:

<http://www.disabilityrightscalifornia.org/pubs/F10101.pdf>.

Nililinaw ng batas ng California na kilala bilang Senate Bill (SB) 555 (Correa) ang tungkulin ng sentrong pangrehiyon sa ilalim ng Early Start Program para magkaloob ng impormasyon at mga serbisyo sa iyo sa iyong sariling wika. Matatagpuan mo ang batas dito:

http://www.leginfo.ca.gov/pub/13-14/bill/sen/sb_0551-0600/sb_555_bill_20131009_chaptered.pdf

Ang ilang taong tumatanggap ng mga serbisyo mula sa mga sentrong pangrehiyon ay hindi nakapagsasalita ng Ingles o limitado sa pagsasalita o pag-unawa sa Ingles. Walang hinihingi na kailangan mong magsalita, magbasa, o magsulat sa Ingles upang makuha ang mga serbisyo na kailangan mo o ng iyong sanggol/batang bago-bago pa lamang naglalakad mula sa sentrong pangrehiyon. Tumutulong ang batas na ito para matiyak na ang mga consumer na hindi o limitado sa pagsasalita ng Ingles at ang kanilang mga pamilya ay may pantay na impormasyon tungkol sa mga serbisyo at suporta ng sentrong pangrehiyon.

1. Ano ang itinuturing na “sariling wika”?

Sa ilalim ng Early Start Program, ang “sariling wika” ay ang wikang karaniwang nasasalita ng mga magulang ng bata. 34 C.F.R. sec. 303.25(a); Cal. Gov. Code sec. 95020(g)(1). Bilang halimbawa, kung nakapagsasalita ka ng limitadong Ingles at karaniwan kang nagsasalita ng Spanish, ang iyong sariling wika ay Spanish.

2. Paano kung pipi ako o nahihirapan sa pagdinig, bulag, o mahina ang paningin? Ano ang kahulugan ng sariling wika para sa akin sa ilalim ng Early Start?

Kung ikaw ay bingi o hirap sa pagdinig, bulag, o mahina ang paningin, ang ibig sabihin ng "sariling wika" ay ang paraan ng komunikasyon na karaniwan mong ginagamit. Maaaring kabilang dito, bilang halimbawa, sign language, Braille, o pasalitang komunikasyon. 34 C.F.R. sec. 303.25(b); Cal. Gov. Code sec. 95020(g)(1).

3. Kung sinusuri't pinagpapasyahan at tinatasahan ang aking anak para sa Early Start o para sa mga serbisyo sa ilalim ng Early Start, mayroon ba akong karapatan sa pagsuri't pagpapasya at pagtatasa sa aking sariling wika?

Oo. Ang pagsuri't pagpapasya at pagtatasa ay dapat maisagawa sa iyong sariling wika, maliban kung maipakikita ng sentrong pangrehiyon na ito'y malinaw na hindi magagawang gawin. 34 C.F.R. sec. 303.321(a)(5); Cal. Gov. Code sec. 95020(g)(1). Kung Vietnamese ang iyong sariling wika, dapat isagawa ng sentrong pangrehiyon ang pagsuri't pagpapasya at pagtatasa sa Vietnamese. Ang pagtatasa na ito, ang pulong para pagpapasyahan ang

pagkanararapat, at ang inisyal na pulong ng Individualized Family Service Plan (IFSP) ay dapat maisagawa sa iyong sariling wika sa loob nang 45 araw ng referral sa sentrong pangrehiyon. 34 C.F.R. sec. 303.310; Cal. Gov. Code sec. 95020(b).

4. Papaano naman ang mga pagtatasa ng pamilya? Kailangan bang maisagawa ang pagtatasa ng pamilya sa sariling wika ng miyembro ng pamilya na kasalukuyang tinatasahan?

Oo. Ang pagtatasa ng sinumang miyembro ng pamilya bilang bahagi ng pagtatasa ng pamilya ay dapat maisagawa sa sariling wika ng miyembro ng pamilya na iyon, maliban lang kung malinaw na maipakikita ng sentrong pangrehiyon na hindi magagawang gawin. 34 C.F.R. sections 303.321(a)(6), 303.25; Cal. Gov. Code sec. 95020(g)(1).

5. Ano naman ang tungkol sa mga pulong ng IFSP? Kailangan bang maisagawa ang mga iyon sa sarili kong wika?

Oo. May karapatan kang isagawa ang proseso ng pagpapalano para sa IFSP at sa pulong ng IFSP sa sariling wika ng iyong pamilya, maliban kung malinaw na maipakikita ng sentrong pangrehiyon na hindi magagawang gawin. 34 C.F.R. sec. 303.342; Cal. Gov. Code sec. 95020(g)(1). Dapat marepaso ang IFSP tuwing anim na buwan o mas higit pa kapag kinakailangan. 34 C.F.R. sec. 303.342(b); 17 C.C.R. sec. 52102(b).

6. Maaari ba akong magkaroon ng kopya ng IFSP sa aking sariling wika?

Dapat ganap na maipaliwanag sa iyo ng sentrong pangrehiyon, sa sarili mong wika, kung ano ang nasa IFSP. 34 C.F.R. sec. 303.342(e).

Dapat ding bigyan ka ng sentrong pangrehiyon ng isang kopya ng IFSP sa sarili mong wika, maliban lang kung mapagpapasyahan ng Department of Developmental Services (DDS) na ito'y magiging sobrang mahirap para sa sentrong pangrehiyon na gawin. Cal. Gov. Code sec. 95020(g)(1); 22 C.C.R. sections 98210-98211.

7. Gaano katagal akong makakakuha ng kopya ng aking IFSP sa aking sariling wika?

Sa loob nang makatwirang haba ng panahon, maliban lang kung sasabihin ng DDS na pahirap ito sa sentrong pangrehiyon. Cal. Govt. Code sec. 95020(g)(1); 22 CCR sections 98210-98211. Maaari mong makuha ang naisaling-wikang IFSP sa lalong madali kung papaalalahanan ang sentrong pangrehiyon na mas maaga mong makukuha ang naisaling-wikang IFSP, mas maaga mong mapapahintulutan ang mga serbisyo at mas maagang makatatanggap ng mga serbisyo ang iyong anak. Bilang resulta, mas maagang makatatanggap ng mga serbisyo ang iyong anak para aksyunan ang kanyang (mga) kundisyon, mas maraming panahon na makapag-iimpluwensya ng positibong kalalabasan.

8. Kailangan bang idokumento ng sentrong pangrehiyon kung ano ang aking sariling wika ang nasa IFSP?

Oo. Dapat ilagay ng sentrong pangrehiyon kung ano ang iyong sariling wika sa IFSP. Cal. Gov. Code sec. 95020(g)(2). Kung karaniwan kang nakapagsasalita ng Korean, bilang halimbawa, kung gayon dapat ipahiwatig ng ang iyong IFSP ang iyong sariling wika ay Korean.

9. Ano ang gagawin ko kung hindi idodokumento ng sentrong pangrehiyon ang aking sariling wika o hindi nagsasagawa ng pagtatasa, pagpapasya, o ang proseso sa pagpaplano sa aking sariling wika?

Kung hindi idodokumento ng iyong sentrong pangrehiyon ang iyong sariling wika o hindi isasagawa ang proseso ng pagtatasa, pagpapasya, o pagpaplano sa iyong sariling wika, maaari kang maghain ng reklamo. 17 C.C.R. sec. 52170. Para maghain ng reklamo sa ilalim ng Early Start Program, magpadala nang maikling sulat sa:

California Department of Developmental Services (DDS)
Office of Human Rights and Advocacy Services
Attn: Early Start Complaint Unit
1600 Ninth Street, Room 240, M.S.-215
Sacramento, CA 95814

Dapat kasama sa iyong sulat ang iyong pangalan, address, numero ng telepono, at impormasyon tungkol sa kung ano ang nangyari, ano ang sinubukan mo para maresolba ito, ang mga pangalan ng sinumang taong kasangkot at kung paanong aayusin ang nangyari. Maaari mong ihain ang iyong reklamo sa sarili mong wika. Kung nahihirapang kang isulat ang iyong reklamo, dapat kang tulungan ng coordinator ng serbisyo ng iyong anak. Maaari mo rin gamitin ang form na nasa website ng DDS, . . .

Sa loob nang 60 araw nang matanggap ang reklamo, dapat mag-imbetiga ang DDS, bigyan ka ng pagkakataon na magsumite ng karagdagang impormasyon, repasuhin ang impormasyon, pagpasyahan kung may anumang batas ang nalabag, at magpalabas ng nakasulat na desisyon. Dapat kasama sa nakasulat na desisyon ang mga kapasiyahan, kongklusyon, dahilan, at anumang kailangang aksyong pangwasto, pagkanasapanahon para sa aksyong pangwasto at isang pag-aalok ng tulong na teknikal sa ahensyang natuklasang may kasalanan. 17 C.C.R. sec. 52171.

Para sa higit na impormasyon tungkol sa prosesong ito, mangyaring tingnan ang Chapter 12, katanungang 27 ng aming Special Education Rights and Responsibilities (Manwal ng Espesyal na mga Karapatang Pang-edukasyon at mga Responsabilidad) sa sumusunod na link: <http://www.disabilityrightsca.org/pubs/504001Ch12.pdf>

Maaari ka rin maghain para sa isang patas na pagdinig bilang kapalit sa paghain ng reklamo. Sa sandaling maghain ka para sa pagdinig, ang paggamit sa Hearing Request Form sa http://www.dds.ca.gov/Complaints/complt_esdueprocess.cfm, makatatanggap ka ng petsa ng pagdinig nang napakadali. Kailangan mong maging handa bago ka maghain para sa pagdinig. Ang pagdinig ay ginagawa sa harap ng isang Tagahatol ng Administratibong Batas. Magpiprisinta ang sentrong pangrehiyon ng ebidensya at mga saksi at pagkatapos ay ikaw. Dapat matapos ng Tagapaghatol ng Administratibong Batas ang nakasulat na desisyon ng pagdinig sa loob nang 30 araw ng iyong paghahain para sa pagdinig. Para sa higit pang impormasyon sa mga pagdinig bilang pangkalahatan tingnan ang http://www.dds.ca.gov/Complaints/complt_esdueprocess.cfm at <http://www.disabilityrightsca.org/pubs/548401.pdf>.

Pinopondohan ang Disability Rights California ng iba't ibang pinagkukunan, para sa isang kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa

<http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>